



Magkakapatid na Saclolo

Ano ang sakuna?

Nilikha ang materyales na ito sa pamamagitan ng tulong mula sa Council of Local Authorities for International Relations (CLAIR).

Pag-iwas sa Sakuna at Sakuna


Pagprotekta sa sarili mula sa sakuna ang pag-iwas sa sakuna.

Alamin muna natin kung ano ang sakuna.



ANG SAKUNA

Ito ang pinsalang sinasapit ng tao, gusali atbp. sanhi ng di-karaniwang likas na kaganapan (hangin, ulan, niyebe, baha, pagtaas ng tubig sa dagat, lindol, tsunami, bulkan, atbp.) o malaking sunog, pagsabog atbp.



1. Malakas na Pag-ulan

Kahit karaniwang pag-ulan paminsan-minsan, may panganib na magdulot ng malaking pinsala kung malakas ang pag-ulan sa maikling oras.

Maaaring umapaw ang ilog, magkabaha, maipon ang tubig-ulan sa kalye at mababad sa tubig, o maging sanhi ng sakuna ng pagguho ng lupa.

Pinsala sa malakas na pag-ulan
noong Hulyo, 2010



Dami ng Ulan (Dami ng Presipitasyon)

Dami ng ulan (dami ng presipitasyon) ang tawag sa pagpahiwatig sa numero ng dami ng bumuhos na ulan (niyebe atbp.)

Magkakaiba ayon sa lugar, ngunit maglalabas ng “Pagpapayo ukol sa malakas na pag-ulan” kapag mga 20-40 mm, at “Babala ukol sa malakas na pag-ulan” kapag mga 40-60 mm bawat oras ang dami ng ulan.



Lakas at Pagbuhos ng Ulan

*Hango sa datos ng Japan Meteorological Agency

Dami ng ulan bawat oras	Salitang gamit sa taya	Aktuwal na Kondisyon at Pakiramdam
10~20 mm	medyo malakas na ulan	Maaaring hindi marinig ang sinasabi dahil sa ingay ng ulan
20~30 mm	malakas na ulan	Maaaring umapaw ang mga kanal at paagusan
30~50 mm	napakalakas na ulan	Parang ibinuhos mula sa timba ang pag-ulan
50~80 mm	matinding napakalakas na ulan	Parang talon (<i>waterfall</i>) ang pag-ulan
80 mm pataas	sobrang lakas na ulan	Parang nakakanerbiyos Nakakatakot


2. Bagyo

Tinatawag na bagyo ang malaking buhawi ng malakas na hanging nabubuo sa itaas ng mainit-init na dagat sa katimugan.

Madalas daanan ng bagyo ang Japan at dahil nagkakaroon ng malakas na ulan at hangin, at nagiging sanhi rin ng pagtaas ng tubig sa dagat, marami nang napinsala hanggang sa ngayon.




Direksyon at Lakas ng Hangin



Mula sa timog kanluran patungong hilagang silangan sumusulong ang halos lahat ng bagyong dumating sa Japan. (Mula sa baba ng kaliwang bahagi patungo sa baba ng kanang bahagi ng mapa ng Japan)

Direksyon at Lakas ng Hangin



Malakas ang kanang bahagi at mahina naman ang kaliwang bahagi ng patutunguhang direksyon ng ulan at hangin ng bagyo. Mag-ingat lalo na kapag malakas ang ulan at hangin.

3. Sakuna ng Pagguho ng Lupa

Noong Hunyo hanggang Hulyo ng 1999, nagkaroon ng sakuna ng pagguho ng lupa sa malawak na pook dahil sa malakas na ulan.



**Kalagayan ng pagguho ng lupa noong Hunyo 1999
sa Asaminami-ku, Saeki-ku ng lungsod ng Hiroshima**

Ano ang sakuna ng pagguho ng lupa?

Ito ang pagguho ng dalisdis, landslide, pagdaloy ng putik at bato atbp. Kapag marami ang buhos ng ulan, lumalambot ang lupa at madaling mangyari ang sakuna ng pagguho ng lupa.

Pagguho ng Dalisdis



Ito ang biglaang paglugso ng lumambot na lupa dala ng pagbuhos ng malakas na ulan o ng lindol.

Landslide



Ito ang paggalaw ng lupa sa marahang libis kapag tumagos ang ulan sa madulas na lupang parang luwad o clay.

Pagdalo ng Putik at Bato



Ito ang biglaan at sabay-sabay na pagdaloy ng lupa at bato ng lambak o bundok dahil sa malakas na ulan ng bagyo o matagal na pag-ulan.

Pinakamarami sa Japan ang mga 32,000 purok na mapanganib sa sakuna ng pagguho ng lupa na nasa Hiroshima.

Alalahaning malamang na mangyari ang sakuna ng pagguho ng lupa sa kalapitan ng bundok at libis.



4. Pagtaas ng Tubig sa Dagat / Tsunami

Sa kalapitan ng dagat o ilog, maaari ring magkaroon ng pinsala dulot ng pagtaas ng tubig sa dagat o tsunami.

Pagtaas ng Tubig sa Dagat



Tsunami



Ang Pagtaas ng Tubig sa Dagat

Ang pagtaas ng tubig sa dagat ang kaganapan kung saan nagiging mataas na mataas ang kapantayan ng tubig sa dagat.



Maaari ring umapaw ang tubig sa dagat o tubig sa ilog at magdulot ng pinsala tulad ng pagbabad sa tubig ng kalye at loob ng bahay.


Kailangang mag-ingat hindi lang sa kalapitan ng dagat o ilog kundi pati sa nalalayong lugar.



Sanhi ng Pagtaas ng Tubig sa Dagat


Maaaring maging sanhi ng pagtaas ng tubig sa dagat ang sumusunod.

Pagtaas ng tubig sa dagat dahil sa pagbaba ng presyong atmosperiko




Dahil hinihigop ng mata ng bagyo o ng mababang presyon ang hangin sa paligid, tumataas din ang kapantayan ng tubig sa dagat.

**Pagtaas ng Tubig sa Dagat
Tangay ng Hangin**



**Natatangay ang tubig-dagat
at tumataas ang kapantayan ng
dagat kapag umihip ang
malakas na hangin sa
baybaying-dagat mula sa
dagat.**

**Pagtaas ng Tubig sa Dagat
Dulot ng Daluyong**



**Naiipon ang tubig-dagat at
tumataas ang kapantayan ng
dagat kapag patuloy na umagos
ang daluyong.**


Mapanganib na Lugar sa Oras ng Pagtaas ng Tubig sa Dagat

Paligid ng Bunganga ng Ilog




Anyo ng lupang malamang mapinsala ng pagtaas ng tubig sa dagat ang kalapitan ng dagat, lalo na ang paligid ng bunganga ng ilog.

**Biglang Lumalalim na
Anyo ng Lupa sa Ilalim ng Dagat**



Kalooban ng Look



Mag-ingat dahil may mga lugar na madaling mababad sa tubig bukod dito, tulad ng lupang mas mababa sa kapantayan ng tubig sa dagat na tinatawag na “Zero-meter zone,” lugar na pinaliligiran na tulad ng titik V ng bundok at lambak, atbp.

Tsunami

Sa pook na katabi ng dagat, may panganib na magkaroon ng tsunami pagkatapos ng lindol. Mas malaki ang pinsalang dulot ng tsunami noong Malaking Lindol sa Silangang Japan at marami ring namatay at nawawala.



Dapat Pag-ingatan sa Tsunami

① Malayo sa pampang, kasimbilis ng jet!

Umaabot sa 800km~1000km bawat oras ang pinakamabilis, at kahit sa dalampasigan, katulad ng kotse ang bilis ng pagbugso nito.

② Darating din dala ng mahinang pagyanig o ng lindol sa ibang bansa!

May panganib pa ring dumating ang tsunami kahit mahina ang pagyanig o na nangyari sa malayong lugar ang lindol.

③ Napakataas ng tsunami!

Lampas sa ating pag-iisip ang taas ng tsunami. Noong Malaking Lindol sa Silangang Japan, namalasan ang taas ng tsunaming umabot sa lampas 40 m.

④ Paulit-ulit na bubugso ang tsunami!

Bubugso nang 2, 3 beses ang tsunami. Huwag magpabaya sa pag-iingat kahit lumipas na ang tsunami.

Sa ngayon, pinapalagay na hindi darating sa Hiroshima Prefecture ang malaking tsunaming tulad noong Malaking Lindol sa Silangang Japan. Ngunit, hindi nalalaman kung kailan, saan, anong panahon matatapat sa tsunami. Alamin ang katangian ng at dapat katakutan sa tsunami.

5. Lindol

Noong ika-11 ng Marso, 2011, nagkaroon ng malaking lindol na may pinakamalakas na enerhiyang namalasan sa kasaysayan ng Japan.

Sa Malaking Lindol sa Silangang Japan na ito, mga 19,000 katao ang namatay / nawawala.

At pagkatapos ng lindol, nagkaroon din ng maraming pinsala ng sunog.



Magnitude at Lakas ng Lindol

“Magnitude” ang tawag sa lakas ng enerhiya ng lindol, at “Lakas ng Lindol” naman ang tawag sa lakas ng yanig ng lindol sa bawat pook.

Bumababa ang lakas ng lindol habang lumalayo sa sentro ng lindol.

Maaaring umabot ang lakas ng enerhiya sa 32 beses nito kapag tumaas ng 1 ang magnitude.

Kalagayan ng pinsala noong Malaking Lindol sa Silangang Japan



Hango sa disaster picture database ng Institute for Fire Safety & Disaster Preparedness

Hindi nalalaman kung kailan at saan magkakaroon ng lindol.

Para kung sakaling may mangyari, mahalagang pag-usapan sa karaniwan ang dadalhing gamit na pang-emergency, lugar ng paglisan at paraan ng pakikipag-ugnayan sa pamilya.

Kaalaman sa Pag-iwas sa Sakuna

Maaaring mangyari ang sakuna kahit anong oras sa kahit saang lugar.

Huwag isiping sarili lang ang ligtas, kundi alaming mabuti ang ukol sa sakuna at masusing maghanda sa karaniwan pa lang.

Nilikha ang materyales na ito sa pamamagitan ng tulong mula sa Council of Local Authorities for International Relations (CLAIR).